Allied Waste Services of Daly City

Community Newsletter

1680 Edgeworth Avenue,
Daly City, California, 94015

Presorted Standard
U.S. Postage
PAID
San Mateo, CA
Permit No. 610

Para sa pagsasalin ng pahayagang ito, mangyaring bumisita sa

www.alliedwastedalycity.com/newsletter.cfm

SERBISYO sa PAROKYANO
(650) 756-1130
7:00 n.u.—5:00 n.h. Lun-Biyer.
Para sa Serbisyong Komersiyal, Residensiyal at impormasyon tungkol sa Pagreresiklo.

Serv-U-Debris Box Service
(650) 756-4340

Mussel Rock Transfer Station
Lun—Sab, 8:00 n.u.—5:00 n.h.
(650) 755-7068

Ox Mountain Landfill
(650) 726-4718

Websayt
www.alliedwastedalycity.com

Recycleworks
Mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa pagpigil ng basura, pagreresiklo at pagkokompost.
(888) 442-2666 www.recycleworks.org

Mga Peligrosong Basura sa Tahanan
Isang programa ng county.
(650) 363-4718
www.smhealth.org/environ/toxic/hhw.html

Taglamig 2007

Allied Waste Services of Daly City

Sa isyung ito ng Today • Basura sa Piyesta Opisyal at Pagkokolekta ng mga Puno (Christmas Tree) • Pang-isahang Lalagyan ng Pagreresiklo
Mga Payo sa Pagreresiklo Tuwing Piyesta Opisyal • Mga Payo sa Pagreresiklo ng Plastik

Pagkokolekta ng Basura at mga Ireresiklo Tuwing **Piyesta Opisyal**

impormasyon sa loob…

Mag-resiklo sa panahon ngayon!

Kokolektahin ang basura at mga ireresiklo isang araw pagkatapos ng iyong karaniwang araw ng serbisyo sa mga linggo ng Pasko at Bagong Taon:

- Ang mga parokyanong pang-Lunes ay hindi maaapektuhan ng pagbabago sa pagkokolekta gawa ng piyesta opisyal.
- Ang mga parokyanong pang-Martes ay makakatanggap ng serbisyo sa Miyerkules.
- Ang mga parokyanong pang-Miyerkules ay makakatanggap ng serbisyo sa Huwebes.
- Ang mga parokyanong pang-Huwebes ay makakatanggap ng serbisyo sa Biyernes.
- Ang mga parokyanong pang- Biyernes ay makakatanggap ng serbisyo sa Sabado.

Mangyaring ilabas para makolekta ang iyong basura, mga ireresiklo at mga tabas sa bakuran ng 4:00 n.u.

Sarado ang lahat ng mga pasilidad ng Allied Waste Services sa mga araw ng Pasko at Bagong Taon (Mussel Rock Transfer Station, Ox Mountain Landfill at ang kompanyang tagahakot).

Ang pagkokolekta ng "Christmas Tree" ay gagawin sa iyong karaniwang talatakdaan ng pagkuha ng iyong mga tabas sa bakuran mula Disyembre 28 - Enero 18.

Alalahanin:

- Kailangang putulin ang puno nang mga pirasong 4 piye (4 feet).
- Kailangang tanggalin ang mga pinaglagyan, ilaw, at dekorasyon.
- Kokolektahin ang mga flocked na puno (ginayakan ng di-likas na snow), pero hindi ireresiklo.
- Ang mga nakatira sa mga gusaling multi-family (may higit sa isang pamilya) ay kailangang tumawag sa Serbisyo sa Parokyano sa (650)756-1130 Lunes-Biyernes mula 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. upang magpakolekta. Ilagay ang mga puno sa tabi ng lalagyang pangresiklo upang makolekta.
- Pagkatapos ng Enero 18, mangyaring tumawag sa Serbisyo sa Parokyano upang magpakolekta. Ito ay may bayad.

Panatilihing Luntian ang Panahon ng Piyesta Opisyal

Heto ang ilang payo upang manatiling luntian ang panahon ng piyesta opisyal

Ang piyesta opisyal ay nagsasaad ng pagdami ng basura; mas marami kang binibili, mas marami kang itatapon.

Pasko

- Pag-isipan ang mga regalong panghabang-panahon gaya ng battery charger, kalendaryong perpetual o pisarang nabubura. Pati ang mga sertipikong regalo (gift certificate) para sa mga sinehan, teatro o kainan ay mga regalong "walang basura".
- Bumili ng mga matitibay na laruang gawa sa kahoy o metal upang lumikha ng pamana sa pamilya. Ang mga regalong metal at kahoy ay maihahandog sa mga susunod na henerasyon, at magiging mga pamana ng pamilya.
- Magbigay ng dalawang regalong pinag-isa: gumamit ng mga basket, bag na tela, bandana o punda bilang pambalot sa mga regalo. Ang mga komiks tuwing Linggo ay magagawang makulay na balot para sa mga regalong pambata.
- Itago ang mga kahong pangregalo, laso at pambalot sa regalo upang magamit sa susunod na taon.
- Itago ang mga harap ng lumang Christmas kard upang ikuwadro at gamiting dekorasyon sa iyong tahanan sa panahon ng piyesta opisyal.
- Palamutihan ang iyong tahanan ng mga holly, cedar, berries, prutas at mani (nuts); lahat ng mga ito ay puwedeng ikompost pagkatapos gamitin. Gawing dekorasyon sa puno ang popcorn at mga cranberry.
- Balutin ang mga maliliit na regalo sa loob ng mga Pamaskong medyas; magagamit ang mga ito taun-taon. *— itutuloy sa susunod na pahina*

Iba Pang MGA PAYO Luntian

— galing sa nakaraang pahina

- Puwedeng balutin sa isang makulay na tuwalya ang kahit anong regalong pangkusina. Maaaring ilagay sa loob ng oven mitt ang mga kagamitang pangkusina.
- Anyayahan ang mga bata na magdisenyo at kulayan ang mga papel na grocery bag upang lumikha ng kanilang sariling pambalot.

Bagong Taon

- Umpisahan ang inyong bagong taon ng may sigla sa pamamagitan ng pagbabawas ng basura bilang pangunahing New Year's resolution.
- Magwagi habang nanonood ng Super Bowl: alisin ang mga tinatapong pinggan at tasa sa iyong "tail-gate" party. Gumamit ng mga telang serbilyeta sa mga kulay ng team upang lalong sumaya ang iyong kainan habang pinapalakpakan mo ang iyong paboritong team.

Sanggunian: www.charmeck.org

Plastik Dito, Plastik Doon, Plastik Saan-man!

Napansin mo ba na may numerong nakatatak sa mga plastik na lalagyang ginagamit sa iyong bahay araw-araw? Kadalasan mayroon kang makikitang tatsulok ng pagreresiklo na may numero sa loob, at ang mga numero ay laging mula 1 hanggang 7. Alam mo ba kung anong ibig sabihin ng numerong iyon? Kung hindi, ipagpatuloy ang pagbabasa!

Maraming mga uri ng plastik na ginagamit. Sa kalaunan, ang plastik ay kailangang paghiwa-hiwalayin ayon sa uri para sa pagresiklo sapagka't ang bawa't uri ay natutunaw sa iba't-ibang temperatura at may mga iba't-ibang katangian. May ginawang sistemang pagkakakilanlan ang industriyang plastik upang matatakan ang mga iba't-ibang uri ng plastik. Hinahati ng sistema ang plastik sa pitong magkakaibang grupo at ginagamit ang kodigong numero na karaniwang makikita sa ilalim ng mga lalagyan.

Pinapaliwanag ng tala sa ibaba ang sistemang pitong-kodigo

Plastik 1: Polyethylene Terephthalate
Mga karaniwang gamit: mga bote ng soda na 2 litro, bote ng mantika, garapa ng peanut butter. Ito ang pinakamadalas na rineresiklong plastik at tanging may halagang matutubos sa ilalim ng "Batas Bote" ("Bottle Bill") ng California. Hinihiling ng maraming mga programa at sentrong pangresiklo na iyong tanggalin ang mga takip at pisain ang mga bote.

Plastik 2: High Density Polytheylene
Mga karaniwang gamit: Mga bote ng sabong panlaba, lalagyan ng gatas, grocery bag. Karamihan sa mga nasa-bangketang programang pangresiklo ay tumatanggap ng mga lalagyang matigas at makipot ang leeg.

Plastik 3: Polyvinyl Chloride
Mga karaniwang gamit: Mga plastik na tubo, kasangkapan na panlabas, pambalot na plastik (shrink wrap), bote para sa tubig, lalagyan ng salad dressing at lalagyan ng likidong sabong panlaba.

Plastik 4: Low Density Polyethylene
Mga karaniwang gamit: Mga bag para sa dry cleaning, bag para sa prutas at gulay, bag para sa basurahan, lalagyan ng pagkain.

Plastik 5: Polypropylene
Mga karaniwang gamit: Mga takip ng Aerosol, straw na pang-inom

Plastik 6: Polystyrene
(Sa ngayon, hindi kinokolekta ng Allied Waste Services ang polystyrene o "Styrofoam" sa kanilang programang pambangketa.)
Mga karaniwang gamit: Mga pira-pirasong pang-impake ng babasagin o "Styrofoam peanuts", tasa, plastik na kubiertos, lalagyan ng karne, naisasarang lalagyan ng fast food ("clam shells"). Maraming mga tindahang tagapagdala/tagabalot ang tumatanggap ng polystyrene peanuts at iba pang mga materyales na pang-impake upang muling gamitin. Mahirap iresiklo ang mga tasa, lalagyan ng karne, at iba pang lalagyan na narumihan ng pagkain.

Plastik 7: Iba
Mga karaniwang gamit: Mga ibang uri ng lalagyan ng pagkain at Tupperware. Ang uri ng plastik na ito, na pinapahiwatig ng kanyang pangalang "iba", ay kahit anong plastik na iba kaysa uri 1 - 6 na plastik. Ang mga lalagyang ito ay maaaring gawa sa kahit alin sa mga iba't-ibang uri ng plastik na polymer.